REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 91-211**

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG TAOS-PUSONG PASASALAMAT ANG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA KINA SECRETARY JOSE P. DE JESUS, UNDERSECRETARY TEODORO ENCARNACION AT NCR-DIRECTOR JESUS P. CAMMAYO PAWANG NANUNUNGKULAN SA DEPARTMENT OF PUBLIC WORKS & HIGHWAYS DAHIL SA KANILANG DAGLIANG PAGKILOS UPANG MAGKAROON NG KATUPARAN ANG PAGPAPAGAWA NG TULAY NA NAG-UUGNAY SA BARANGAY ALABANG AT BARANGAY CUPANG NG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

**SAPAGKAT,** ang pamunuan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay kinukupkop at tinatangkilik sa puso at isipan ang sinuman na nagtataguyod sa kapakanan at kapakinabangan ng pamayanan;

**SAPAGKAT,** ang mabilisang pagkilos nina Secretary De Jesus, Undersecretary Encarnacion at Director Cammayo upang maisakatuparan ang pagsasaayos at pagpapalawak ng tulay ng Alabang-Cupang ay kapuri-puri at dapat kapulutan ng aral at maging inspirasyon para sa ibang mga lingkod-bayan para sa higit na ikabubuti ng paglilingkod sa mamamayan;

**SAPAGKAT,** sa kanilang pagsisikap at pagpapahalaga sa kahalagahan ng pagsasaayos at pagpapalawak ng tulay ng Alabang-Cupang, maraming mamamayan ang mabibiyayaan at magiginhawahan at tiyak na tataas ang antas ng pamumuhay ng mga lugar na pinag-uugnay ng tulay dahil bibilis ang takbo ng pangangalakal at ibang gawaing pangkabuhayan;

**SAPAGKAT,** sa ipinakitang sipag at pagbibigay kaagad ng aksiyon sa nabanggit na proyekto ay muling babalik sa isipan ng mamamayan na ang mga namumuno sa pamahalaan ay kumikilos at hindi natutulog sa tungkuling dapat gampanan sa mabilis at mabisang pamamaraan.

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na magpahayag ng taos-pusong pasasalamat kina Secretary Jose P. De Jesus, Undersecretary Teodoro Encarnacion at NCR-Director Jesus P. Cammayo pawang nanunungkulan sa Department of Public Works & Highways dahil sa kanilang dagliang pagkilos upang magkaroon ng katuparan ang pagpapagawa ng tulay na nag-uugnay sa Barangay Alabang at Barangay Cupang ng Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila at napagpasiyahan pang muli na bigyan ng sipi ng kapasiyahang ito sina Secretary De Jesus, Undersecretary Encarnacion at Director Cammayo bilang pagsasaad ng malugod na pasasalamat at pagkilala sa kanilang kabutihan sa mga mamamayan ng Bayan ng Muntinlupa.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA sa kanilang pang 169th regular na pulong na ginanap ngayong ika-2 ng Setyembre 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts